**PAGSUSULIT**
**Mga Dapat Malaman sa Pagkawala ng Malay at Kombulsyon**

**Instruksyon :** Bilugan ang **TAMANG** sagot sa mga sumusunod na katanungan

1. Alin sa mga sumusunod ang tamang paraan upang malaman kung ang isang bata ay walang malay?

    a. Tapikin ang magkabilang balikat
    b. Buhusan ng tubig ang ulo at mukha
    c. Sumigaw sa magkabilang tainga
    **d. A at C**

2. Ano ang dapat gawin sa isang sanggol na walang malay?

    a. Tapikin ang magkabilang balikat
    b. **Tapikin ang magkabilang paa**
    c. Yugyugin ang katawan ng sanggol
    d. Kadatin ang kahit anong bahagi ng katawan

3. Ang mga sumusunod ay mga posibleng dahilan ng pagkawala ng malay maliban sa:

    a. Aksidente
    b. Mababang asukal sa katawan
    c. Matinding init
    **d. Lahat ng pangungusap ay tama**

4. Ano ang DAPAT gawin kapag ang isang tao ay nagbalik-malay?

    a. Hayaang tumayo at maglakad ang isang tao kapag ito ay nagbalik-malay
    **b. Panatilihing nakahiga ang tao at bahagyang iangat ang mga paa sa loob ng 10-15 minuto**
    c. Panatilihing nakahiga ang tao na mas mataas ang ulo kesa sa paa
    d. Iposisyon ang tao nang nakadapa

5. Kung ang isang tao ay nananatiling walang malay, ano ang sunod na dapat gawin?

    a. Eksaminin ang “asukal ” sa katawan
    **b. Tingnan kung humihinga ang tao**
    c. Tingnan ang mata kung ito ay gumagalaw
    d. Tawagin ang pangalan

6. Ano ang DAPAT gawin sa tao na walang malay at hindi humihinga?

    a. Iposisyon ang tao nang nakatagilid
    b. Tulungang huminga sa pamamagitan ng pagbuga ng hangin sa bibig ng tao na walang malay
    **c. Simulan ang CPR ( cardiopulmonary resuscitation)**
    d. Iwanan ang tao at tumawag ng tulong

7. May tao na nawalan ng malay, nagising matapos ang 2 minuto. Alin sa mga sumusunod ang DAPAT gawin?

    a. Higpitan ang damit lalo sa may leeg.
    b. Painumin o pakainin agad ang tao
    **c. Panatilihing nakahiga at bahagyang iangat ang mga paa sa loob ng 10-15 minuto**
    d. Iwanan ang tao at tumawag ng tulong

8. Lahat ng taong walang malay ay kinukumbulsyon?

    a. Tama
    **b. Mali**

9. Ang isang tao na kinukumbulsyon ay maaaring walang malay?
    **a. Tama**
    b. Mali

10. Ang mga sumusunod ay maaaring dahilan ng kombulsyon

   a. Pagtaas at pagbaba ng lagnat
   b. Impeksyon
   c. Aksidente
   **d. Lahat ay tama**

11. Ang mga sumusunod ay tamang gawin kapag may tao na kinukumbulsyon

   a. Higipitan ang damit upang hindi mahubaran ang tao
   b. Subukang pigilin ang kombulsyon sa pamamagitan ng paghawak sa tao
   **c. Itagilid ang biktima kung may kasamang pagsusuka o paglalaway**
   d. Maglagay ng matulis na bagay sa bibig

12. Maaaring iwanan saglit ang taong kinukumbulsyon upang makatawag ng karagdagang tulong

   a. Tama
   **b. Mali**

13. Maaaring maglagay ng kutsara sa bibig ng taong kinukumbulsyon nang hindi nito makagat ang dila

   a. Tama
   **b. Mali**

14. Ano ang mga sintomas ng kombulsyon ?

   a. Panginginig at paglalaway
   b. Pagkatulala
   c. Pagkawala ng malay
   **d. Lahat ay tama**

15. Ano ang "recovery position" na ginagawa sa isang taong kinumbulsyon?
   a. Panatilihing nakahiga sa kanyang likod ang tao
   **b. Panatilihing nakatagild ang tao**
   c. Panatilihing nakadapa ang tao
   d. Lahat ng pangungusap ay tama